

Wala siyang kasabay nang tanghaliang iyon dahil nag-attend ng seminar si Pau. Wala rin sina Cyril, Aiza at Nona na nag-attend sa isang celebrity wedding. Nagre-revise siya ng isang press release after lunch nang dumating si Celeste na taga-HR din.

“Wala si Cyril?” tanong nito.

“Waley,” biro niya rito dahil medyo close na rin sila. “Nasa wedding ang mga lola mo.”

“Taray naman. So, ikaw na lang ang kumausap doon sa bagong artist n’yo. Papupuntahin ko na lang dito. Mag-i-start na rin siya ngayon.”

“Sureness.” Nag-high five silang dalawa.

Lihim siyang nagpasalamat na sa wakas ay mayroon na uli silang sariling artist. Kapag kasi nakikiusap lang sila sa ibang department, feeling ni Cyril ay tinatapos lang ang pages pero hindi kagandahan ang layout.

“Magandang hapon po...”

Napatigil sa pagsusulat si Pippa nang marinig ang bedroom voice na iyon. Nang tumingin siya sa pinagmulan niyon, alam niyang nalaglag ang kanyang panga.

Nasa harap niya ang isang tall, lean and very good looking guy. Boyish ang appeal nito, babagong natubo ang buhok na semi-kalbo ang gupit na bagay na bagay sa malinis nitong personalidad. Naka-polo shirt ng white, matingkad na denim blue pants at

punky rubber shoes. Sa tingin ni Pippa ay halos kasing-edad niya ito. May dala itong folder.

“O-oh, hi...” nauatal niyang sambit at tumayo. “G-good afternoon!”

Iniabot sa kanya ng guy ang folder. “Ako po ’yung bagong artist,” anito. “Pinapunta po ako rito ng HR.”

Hindi niya malaman ang sasabihin. Nang ma-compose niya ang sarili ay pinaupo niya ito.

“Wala kasi si Cyril,” aniya nang wala na ang initial shock niya sa poging artist. “Pero sabi ni Celeste ay mag-i-start ka na raw ngayon?”

“Opo.” Ngumiti muli ang guy—na sa pagkakangiti ay naging prominente ang magkabilang cute dimples. “Salamat po.”

Tumawa siya. “Alisin mo na ang ‘po’, para namang magkasing-edad lang tayo. By the way, call me Pippa. Pippa Mendoza.”

Tumayo ang lalaki at nakipagkamay sa kanya. Ewan ni Pippa kung bakit may kiliting hatid sa kanya ang init ng palad nito.

“Ako naman si Juan Ezekiel Dela Verde. Tawagin mo na lang akong Zeke.”

Nang marinig ni Pippa ang apelyido nito, ewan niya kung bakit parang may mga kabayong naghabulan sa dibdib niya. Biglang ang lakas-lakas ng kaba niya!

Itinuro niya rito ang *iMac* na gagamitin nito. Binuksan nito iyon. Ipinakita rin niya ang hardcopy ng newspaper at ang section na ilalatag ng lalaki. Ipinaliwanag niya ang template na gusto ni Cyril. Mukhang mabilis ang pick-up ni Zeke.

Nang mabigyan pa niya ito ng ilang pointers ay nagbalik siya sa kanyang table at nginig ang mga kamay na binuklat ang dala nitong folder. Hindi nawawala ang kaba niya. Pinasadahan niya ang resumé nito. Nang tingnan niya ang family background ni Zeke, muntik na siyang nag-pass out sa natuklasan na totoo nga ang kutob niya.

Si Juan Ezekiel Dela Verde aka Zeke ay anak ni Roberto Dela Verde—popularly known as Mang Bochok!

---

Kinabukasan ay kasabay na uli niya sa lunch si Pau. Ito ang nagkuwento ng ayon nga rito ay “The Curious Case of Juan Ezekiel Dela Verde.” Nagtataka kasi siya kung bakit parang hindi na dumaan sa usual SOP ang application ni Zeke at maging si Pau ay ni hindi na nakita ang application nito.

“Well, may mga cases namang ganyan pag highly recommended ang applicant. I think galing mismo kay Manager n’yo ang recommendation lalo at BFF niya si Mang Bochok. Pag gan’un, stamp pad na lang ang HR. Ang hindi ko alam, may isa pa palang anak si Mang Bochok na sobrang opposite ng panganay niya.” Tumaas muli ang tono ni Pau.

“O, baka di ka na naman makakain.” Humagikgik si Pippa.

Biglang nag-twinkle ang mga mata ni Pau. “Pero ang guwapo ni Zeke, ha? Ang biruan nga ngayon, sino raw kaya ang nagpaampon sa kanya kay Mang Bochok.”

“Well, nakuha niya ang dimples ng ama,” singit ni Pippa. “Saka baka maganda ’yung nanay.”

“At ang talino, ha? Cum laude sa Malikhaing Pagsulat sa Filipino minor in digital design.” Tumingin sa kanya si Pau. “Hmm, kaya pala inirereto sa ’yo ay may ‘K’ naman pala.”

Hindi siya nag-react. Pero nang makita nga niya ang resumé ni Zeke at ang transcript of records ay medyo na-insecure siya. Produkto ito ng sikat na state university, at may karangalan nang magtapos, pero napakasimple kung dalahin ang sarili. Parang ordinaryong applicant lang nang lumapit sa kanya kahapon. At magalang at maginoo. Mana sa ama.

“Sagutin mo na.” Tinapik pa siya ni Pau na ikinagulat niya.

“Sagot agad-agad? May boyfriend na ako, Pau. I think si Zeke ang nakatadhana sa ’yo dahil ikaw ang walang jowa,” biro niya rito.

Malanding tumingin sa kanya si Pau. “Boyfriend na sabi mo nga sa akin ay wala namang ibinibigay sa ’yo kundi dart sa heart mo. Pero sa nakikita ko sa ’yo, crush mo si Zeke.”

“Hindi.”

“Crush mo.”

“Hindi nga!”

Inirapan siya ni Pau. “Psychologist ang kaharap mo, Filipina Mendoza. At sa pamumula pa lang ng mga pisngi mo at sa lambing ng pagbigkas sa pangalan niya, obvious na type mo siya.”

“Hay, naku... change topic,” pag-iiba niya ng usapan. “Palagay mo mare-regular ako?”

Kinurot siya ni Pau. “As usual, iibahin ang usapan pag sukol na. Oo naman, ikaw pa! Maganda ang evaluation sa iyo ni Cyril sa first three months mo.”

May bagong officemate na hot, magandang evaluation ng boss sa kanyang performance, naisip ni Pippa na hindi naman pala imposible ang magkaroon ng charmed life.